York Region

For your information

# Tuberculosis – TB

## Ano ang TB?

Ang TB ay isang nakakahawang sakit na dulot ng mga mikrobyong TB. Karaniwang inaatake nito ang mga baga subalit maaaring makaapekto sa anumang bahagi ng katawan. Ilang dantaon nang laganap ito.

### Paano itong kumakalat?

Ang TB ay kumakalat mula isang tao tungo sa iba sa pamamagitan ng hangin o sa himpapawid. Ang TB ay kumakalat kung ang isang maysakit nito sa baga ay umuubo o bumabahin. Hindi ito ganoon kalalang makahawa. Ang malapit, matagalan o regular na ugnayan sa isang maysakit ng TB ang pagmumulan ng pagkalat ng sakit na ito.

### Ano ang impeksyon ng TB?

Hindi mapigil ng karamihan ng mga taong nakakalanghap ng mikrobyo ng TB ang paglago nito sa kanilang sistema. Ang sistemang panlaban natin sa pagtalab ng sakit ang siyang bumibihag sa mga mikrobyo ng TB at pumipigil sa kanilang pagiging aktibo. Ito ang tinatawag na pagiging impektado ng TB at ang mga taong impektado ay:

- Hindi nakakaramdam ng sakit /walang mga sintomas
- **Hindi** nagkakalat ng mikrobyo ng TB
- May positibong resulta ng skin test (nota: ang mga taong may karamdamang nagpapahina sa kanilang kakayanang lumaban sa sakit tulad ng diabetes, HIV o kanser ay maaaring makakuha ng negatibong resulta sa skin test kahit na sila'y impektado ng TB – kailangan nilang magpatingin sa doktor)
- Maaaring magkaroon ng aktibong sakit ng TB sa hinaharap

### Ano ang sakit na TB?

Nagiging aktibo ang mga mikrobyo ng TB kung hindi mapigilan ng sistemang panlaban ng katawan sa sakit ang paglaki ng mga mikrobyong TB. Ang aktibong mga mikrobyo ng TB ay nagsisimulang lumaki at pumipinsala sa katawan. Ang mga sintomas ng TB ay:

- Ubo (tumatagal ng lampas sa 3 linggo)
- Lagnat / panginginig ng katawan/ pagpapawis sa gabi
- Pagiging pagod
- Di maipaliwanag na pagbaba ng timbang / kawalan ng ganang kumain

Kung ang sakit na TB ay nasa ibang bahagi ng katawan, ang sintomas ay magdedepende sa kung saan kumakalat ang TB, halimbawa sa namamagang lymph node o masakit na kasukasuan.

## Ano ang mga test para sa TB?

Ang pagtukoy sa TB ay ginagawa sa pamamagitan ng skin test. Ang positibong resulta sa skin test ay nangangahulugan na may mikrobyong TB sa katawan ang taong inieksamen. Ang isang pisikal na pag-iiksamen, x-ray sa dibdib at pag-iksamen sa plema (na inubo palabas sa baga) ay ginagawa upang suriin kung ang isang tao ay may sakit na TB.

## Paanong ginagamot ang TB?

Ang mga taong may TB ay maaaring makinabang sa gamot na makakahadlang sa sakit na TB. Kailangang kumpletuhin ng maysakit ng TB ang pagpapagamot upang malunasan ang sakit. Walang bayad o libre ang mga gamot para sa TB kung hihingin ito ng doktor mula sa Public Health. **Ang TB is maaaring hadlangan, magagamot at malulunasan!**

*Tagalog - Reprinted with permission of Toronto Public Health*